


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 1:
Pagsasabi ng Tungkol sa Sarili at
Sariling Karanasan (Pamilya,
Alagang Hayop, o Paboritong
Pagkain)



MTB - MLE – Unang Baitang

Alternative Delivery Mode

Markahan – Modyul 1: Pagsasabi ng Tungkol sa Sarili at Sariling Karanasan (Pamilya, Alagang Hayop, o Paboritong Pagkain)

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Guillerma G. Domingo
Editor:	Mercy A. Pablo, Leodigaria L. Reyno, Myda B. Reyes
Tagasuri:	James D. Pamittan
Tagaguhit:	Florante D. Salazar
Tagalapat:	Emmanuel Roman G. Monterubio Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Mariatess B. Baquiran Maria Cristina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 1:
Pagsasabi ng Tungkol sa Sarili at
Sariling Karanasan (Pamilya,
Alagang Hayop, o Paboritong
Pagkain)

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.

Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa iyo na nasa unang baitang upang maisagawa mo ang wastong pagbabahagi tungkol sa sarili o sariling karanasan tungkol sa pamilya, alagang hayop o paboritong pagkain.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagsabi ng tungkol sa sarili at sariling karanasan (pamilya, alagang hayop, at o paboritong pagkain)

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Masabi ang tungkol sa sarili at sariling karanasan.
- Makapagbahagi ng isang maikling kuwento tungkol sa pamilya, alagang hayop o paboritong pagkain.
- Malayang maipahayag ang saloobin sa pamamagitan ng pagguhit tungkol sa aralin.
- Maipakita ang pagkagiliw sa aralin sa pamamagitan ng isang tula.



Subukin

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot na nagsasabi sa katangian ng bata sa bawat sitwasyon.

1. Masipag na bata si Hana. Tumutulong siya palagi sa nanay at tatay sa mga gawaing bahay. Anong katangian mayroon si Hana?

- a. masipag b. mabait c. masayahin

2. Inuutusan ka ng nanay mo na maghugas ng pinagkainan ninyo, ngunit nagdabog ka papasok sa kuwarta. Anong katangian mayroon ka?


- a. masungit b. tamad c. sinungaling

3. May ibinigay na takdang-aralin ang guro. Kinagabihan, nagbrown-out. Ganun pa man, tinapos mo ang takda gamit ang kandila. Anong katangian mayroon ka?

- a. antukin b. matakaw c. masigasig

4. Inutusan ka ng ate mo na bumili sa tindahan. Dali-dali kang lumapit at tinanong kung ano ang ipabibili niya. Anong katangian mayroon ka?

- a. masunurin b. palakaibigan c. maligalig



Balikan



Isulat sa sagutang papel ang wastong katangian o paglalarawan sa bawat patlang.

1. Ako ay _____mag-aral.
2. Si Lorna ay laging naglilinis sa kanilang bahay. Siya ay _____na bata.
3. Lagi akong binibigyan ng pagkain ng aking kaklase. Siya ay _____.
4. Ang lolo ko ay_____.
5. Ako ay may alaga. Isang asong _____.
6. Gustong gusto ko ang luto ni nanay na pinakbet. Ito ay_____.



Tuklasin

Pumili mula sa mga larawan na maiuugnay mo sa iyong sariling karanasan. Ibahagi ang kwento sa mga kasama sa bahay.





Suriin

Naibahagi mo ba nang maayos ang tungkol sa iyong sarili? o sariling karanasan?


Nasabi mo ba nang maayos?

Ano ang mga tinandaan mo upang makapag bahagi ka ng sariling karanasan?

Sa pagbabahagi ng sariling karanasan, alalahanin at ilita ang mga mahahalagang detalye upang hindi malimutan.

Ikuwento ito nang malinaw ayon sa mga natatandaang detalye.

Ginawa mo ba ang mga ito?



Pagyamanin

Ibahagi ang isang karanasang hindi mo makalimutan.



Isaisip

Sa pagbabahagi ng tungkol sa sarili at sariling karanasan, kailangang maging matapat at totoo ka sa iyong sarili. Maging matalino sa pagpili ng angkop na salitang gagamitin sa paglalarawan upang maging mas kapanapanabik o kaaya-aya ang iyong kuwento.



Isagawa

Gawain 1

Punan ang patlang upang mabuo ang kuwento.
Isulat sa isang malinis na papel ang sagot.

Ako si Mera. _____ akong mag-aral ng leksiyon. _____ akong pumapasok sa paaralan. Tuwing umaga, tinutulungan ko ang aking guro na _____ sa loob ng silid aralan.

_____ din akong mga halaman sa hardin. Sa oras ng klase, _____ sumasagot sa mga talakayan.

Gawain 2

Magbahagi ng isang karanasan tungkol sa mga gawain ninyo sa sariling tahanan.

Gawain 3

Iguhit ang paborito mong pagkain sa isang malinis na papel.

Ikuwento sa mga kasama sa bahay ang nararamdaman mo sa tuwing kakainin ito.

Gawain 4

Iguhit ang alagang hayop at kulayan ito sa isang malinis na papel.

Gawain 5

Ibahagi ang kuwento ng iyong pamilya/ alagang hayop, o paboritong pagkain.



Tayahin

Ikuwento sa mga kasama sa bahay ang isang karanasang kasama sila na hindi mo makalimutan.



Karagdagang Gawain

Sa isang malinis na papel isulat ang sagot sa patlang upang mabuo ang pangungusap:

1. Ang aking pamilya ay_____.
2. Ang aking alaga ay_____.
3. Ang paborito kong ulam ay_____.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	
1. a	
2. b	
3. c	
4. a	
Balikán	
Iba-iba ang maring kasagutan ng mga bata tulad ng mga	
1. Mabuting	
2. Masipag	
3. Mapagbigay	
4. Mabait	
5. Mataba	
6. Masustnasya	
Isagawa	
Iba-iba ang maring kasagutan ng mga bata tulad ng mga	
1. Masipag	
2. Maginga	
3. Maglilis	
4. Nagdidilig	
Karagdang Gawain	
Iba-iba ang maring kasagutan ng mga bata tulad ng mga	
Masaya	
Mataba	
Masustansiya	

Sanggunian

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". PasigCity: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *blr.lrpdpd@deped.gov.ph